KOMBENSIYON UKOL SA PAG-AALIS NG LAHAT NA ANYO NG PAGTATANGI LABAN SA KABABAIHAN

Ang mga Estadong Panig sa kasalukuyang Kombensiyon, na

Pinupuna na ang Karta ng Nagkakaisang mga Bansa ay muling nagsasaad ng pagpapatibay sa pananalig sa mga pangunahing karapatan ng tao, sa dangal at halaga ng tao at sa pantay-pantay na mga karapatan ng kalalakihan at kababaihan,

Pinupuna na ang Pandaigdig na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao ay nagpapatibay ng prinsipyong hindi maaring tanggapin ang pagtatangi-tangi at naghahayag na lahat ng mga taong nilalang ay ipinanganak na malaya at pantay-pantay sa dangal at sa mga karapatan at na ang bawat isa ay may karapatan sa lahat ng mga karapatan at mga kalayaang itinakda sa Deklarasyong iyon, nang walang pagtatangi-tangi ng anumang uri kabilang ang pagtatangi-tangi batay sa kasarian,

Pinupuna na ang Estadong Panig sa Pandaigdig na Tipan ukol sa mga Karapatang Pantao ay may tungkuling makamit ang pantay-pantay na karapatan ng kalalakihan at kababaihan sa pagtatamasa ng lahat ng mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan, pangkalinangan, sibil at politikal,

Isinasaalang-alang ang mga pandaigdig na kombensiyong napagpasiyahan sa ilalim ng tangkilik ng Nagkakaisang mga Bansa at mga tanging ahensiya na nagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng mga karapatan ng kalalakihan at kababaihan,

Pinupuna rin ang mga panukala, deklarasyon at rekomendasyong ipinagtibay ng Nagkakaisang mga Bansa at ng tanging mga ahensiyang nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng mga karapatan ng kalalakihan at kababaihan.

Nababahala, gayunpaman, na sa kabila nitong iba’t ibang kagamitan ang malawak na pagtatangi-tangi laban sa kababaihan ay patuloy pa ring umiiral,

Ginugunitang ang pagtangi-tangi laban sa kababaihan ay lumalabag sa mga prinsipyong pagkakapantay-pantay ng mga karapatan at paggalang sa dangal ng tao, ay isang sagabal sa pakikilahok ng kababaihan, sa mga kondisyong pantay sa kalalakihan, sa politikal, panlipunan, pangkabuhayan at pangkalinangang buhay ng kanilang mga bansa, nakasagabal sa pag-unlad ng kasaganahan ng lipunan at ng pamilya, at lalong nagpapahirap sa ganap na pag-unlad ng mga angking kakayahan ng kababaihan sa paglilingkod sa kanilang mga bansa at sa sangkatauhan,

Nababahala na sa mga kalagayan ng pagdarahop ang kababaihan ang may pinakamaliit na pagkakataon sa paggamit ng pagkain, kalusugan, pag-aaral, pagsasanay at mga pagkakataon sa paghahanapbuhay at iba pang pangangailangan,

Naniniwalang ang pagtatatag ng bagong pandaigdig na kaayusang pangkabuhayan batay sa katarungan ay makatutulong sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan,

Nagbibigay-diin na ang pagpuksa ng apartheid, ng lahat ng anyo na rasismo, pagtatangi-tangi batay sa lahi, kolonyalismo, neo-kolonyalismo, pananalakay, pananakop ng dayuhan at paghahari at panghihimasok sa panlaob na pamumuhay ng mga Estado ay lubhang mahalaga para sa lubos na pagtatamasa ng mga karapatan ng kalalakihan at kababaihan,

Pinagtitibay na ang pagpapalakas ng pandaigdig na kapayapaan at katiwasayan, ang pagpapalubay ng pandaigdig na tensiyon, ang pagtutulungan ng mga Estado nang walang

pagtatangi batay sa kanilang sistemang panlipunan at pangkabuhayan, ang pangkalahatan at lubos na pag-aalis ng mga armas at lalo na ang pag-aalis ng mga armas-nukleyar sa ilalim ng mahigpit at mabisang pamamahalang pandaigdig, ang pagpapatibay ng mga prinsipyong katarungan, pagkakapantay-pantay at pare-parehong benepisyo sa kaugnayan ng mga bansa, at ang katuparan ng karapatan ng mga lahi sa ilalim ng dayuhan at kolonyal na pagdudumina at pananakop ng dayuhan, sa sariling pagpapasiya at kasarinlan, gayundin ang paggalang sa pambansang kapangyarihan at kabuuan ng lupain, ay magtataguyod ng panlipunang kaunlaran at pagsulong at sa gayon ay makatutulong sa pagkakamit ng lubos na pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan.

Naniniwalang ang lubos at ganap na pag-unlad ng isang bansa, ang kapakanan ng mundo at ang layunin ng kapayapaan ay nangangailangan ng pinakamalaking pakikisalimuha ng kababaihan sa mga kondisyong pantay sa kalalakihan sa lahat ng larangan,

Isinasaisip ang malaking kontribusyon ng kababaihan sa kapakanan ng pamilya at sa pag-unlad ng lipunan, na hindi pa lubusang kinikilala ang kahalagahang panlipunan ng pagka-ina at ang tungkulin ng kapwa magulang sa pamilya at sa pagpapalaki ng mga anak, at batid na ang tungkulin ng kababaihan sa panganganak ay hindi dapat maging batayan ng pagtatangi-tangi datapuwa't ang pagpapalaki ng anak ay nangangailangan ng pagbabahaginan ng pananagutan ng kalalakihan at kababaihan at ng lipunan sa kabuuan,

Batid na ang pagbabago sa kinaugaliang tungkulin ng kalalakihan gayundin ang tungkulin ng kababaihan sa lipunan at sa pamilya ay kailangan upang matamo ang lubos na pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan,

Napagpasiyahang isagawa ang mga prinsipyong itinakda sa Deklarasyon ukol sa Pag-aalis ng Pagtatangi-tangi Laban sa Kababaihan at, sa gayong layunin, magpatibay ng mga hakbang na kinakailangan para sa pag-aalis ng gayong pagtatangi sa lahat nitong anyo at tanda,

Ay sumasang-ayon sa mga sumusunod,

UNANG BAHAGI

Unang Artikulo

Para sa mga layunin ng kasalukuyang Kombensiyon, ang terminong "pagtatangi-tangi laban sa kababaihan" ay nangangahulugan ng anumang pagbibigay ng pagkakaiba, di-pagsama o paghihigpit batay sa kasarian na may bunga o layuning makapinsala o mapawalang-bisa ang pagkilala, pagtatamasa o paggamit ng kababaihan, hindi hinggil sa kanilang kalagayang sibil, batay sa pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, ng mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan sa politikal, pangkabuhayan, panlipunan, pangkalinangan, sibil at iba pang larangan.

Ika-2 Artikulo

Sinusumpa ng mga Estadong Panig ang pagtangi-tangi laban sa kababaihan sa lahat nitong anyo, sumasang-ayong magsumikap na matamo sa lahat ng mga angkop na kaparaanan at nang walang pagbabalam, ang patakarang pag-aalis ng pagtatangi-tangi laban sa kababaihan at, sa ganitong layunin, ay nangangakong:

(a) Ipapaloob ang prinsipyong pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan sa kanilang pambansang Saligang Batas o iba pang angkop na batas kung hindi pa ito

nasasama roon, at titiyakin, sa pamamagitan ng batas at ibang angkop na kaparaanan, ang tunay na pagsasakatuparan ng prinsipyong ito;

(b) Magpapatibay ng mga angkop na batas at iba pang mga hakbang, kabilang na ang tadhanang parusa kung saan naaangkop, na nagbabawal ng lahat ng pagtatangi-tangi laban sa kababaihan;

(c) Magtatag ng pangangalagang legal sa mga karapatan ng kababaihan sa batayang pantay sa kalalakihan at titiyakin sa pamamagitan ng may kakayahang mga hukumang pambansa at iba pang institusyong pangmadla ang mabisang pangangalaga sa kababaihan laban sa anumang gawang pagtatangi-tangi;

(d) Iiwasan ang anumang pagsasagawa o pagkilos na pagtatangi-tangi laban sa kababaihan at titiyakin na ang mga pangmadlang autoridad at institusyon ay kikilos ayon sa tungkuling ito;

(e) Magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan ng sinumang tao, samahan o gawain;

(f) Magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan, kabilang na ang paggawa ng batas, upang magbago o maalis ng umiiral na mga batas, alituntunin, kaugalian at gawing katumbas ng pagtatangi laban sa kababaihan;
(g) Pawawalang-bisa ang lahat ng pambansang itinakdang parusa na katumbas ng pagtatangi laban sa kababaihan.

Ika-3 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa sa lahat ng larangan, lalo na sa political, panlipunan, pangkabuhayan at pangkalinangang larangan, ng lahat ng mga angkop na kaparaanan, kabilang na ang pagbabatas, upang matiyak ang lubos na pag-unlad at pagsulong ng kababaihan para sa layuning matiyak sa kanila ang paggamit at pagtatamasa ng mga karapatang pantao at ng mga pangunahing kalayaan batay sa pagkakapantay-pantay sa kalalakihan.

Ika-4 Artikulo

1. Ang pagpapatibay ng mga Estadong Panig ng mga pansamantala at tanging kaparaanan na may layuning mapabilis ang pagkakapantay na de facto ng kalalakihan at kababaihan ay hindi ituturing na pagtatangi-tangi sa pakahulugan ng kombensiyong ito, nguni't hindi mangangailangan, bilang bunga, ng pananatili ng di-pantay o magkahiwalay na mga pamantayan; ang mga kaparaanang ito ay ititigil kapag ang mga layunin ng pagkakapantay-pantay ng pagkakataon at pagpapalagay ay nakamit na.

2. Ang pagpapatibay ng mga Estadong Panig ng mga tanging kaparaanan, kabilang na iyong mga kaparaanang napapaloob sa kasalukuyang Kombensiyon, na may layuning mapangalagaan ang pagka-ina, ay hindi ituturing na pagtatangi-tangi.

Ika-5 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay nagsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan:

(a) Upang mabago ang mga panlipunan at pangkalinangang huwaran ng pagkilos ng kalalakihan at kababaihan upang makamit ang pag-aalis ng mga hindi matuwid na opinion at ng mga nakaugalian at lahat ng iba pang gawing batay sa palagay ng kababaan o kataasan ng uri ng alinman sa dalawang kasarian o sa mga tungkuling naaayon sa kaugalian ng kalalakihan at kababaihan;

(b) Upang matiyak na ang pag-aaral pampamilya ay kinabibilangan ng wastong pag-unawa ng pagka-ina bilang isang tungkuling panlipunan at ang pagkilala ng pananagutan ng kapwa kalalakihan at kababaihan sa pagpapalaki at pagpapaunlad ng kanilang mga anak, sa kaunawaang ang kapakanan ng mga anak na siyang pangunahing isasaalang-alang sa lahat ng kalagayan.

Ika-6 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan, kabilang na mga pagbabatas, upang sugpuin ang lahat ng anyo ng pamimili at pagbibili ng kababaihan at ng pagsasamantala o prostitusyon ng kababaihan.

PANGALAWANG BAHAGI

Ika-7 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan sa political at pangmadlang buhay ng bansa at, lalo na, ay titiyakin, sa mga kondisyong pantay sa kalalakihan, ang karapatang:

(a) bumoto sa lahat ng halalan at pangmadlang reperendum at maaaring ihalal sa lahat ng lupong pangmadlang inihahalal;

(b) makilahok sa pagbuo ng patakarang pampamahalaan at sa pagpapatupad niyon at humawak ng tungkuling pangmadla at magsagawa ng lahat ng mga tungkuling pangmadla sa lahat ng antas ng pamahalaan;

(c) makilahok sa mga di-pampamahalaang samahan at kapatirang may kinalaman sa buhay pangmadla at politikal ng bansa.

Ika-8 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang matiyak sa kababaihan sa mga kondisyong pantay sa kalalakihan at nang walang anumang pagtatangi-tangi, ang pagkakataong kumatawan ng kanilang mga pamahalaan sa pandaigdig na antas at makilahok sa gawain ng mga pandaigdig na samahan.

Ika-9 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay magkakaloob sa kababaihan ng mga karapatang pantay sa kalalakihan na magtamo, magbago o magpanatili ng kanilang kabansaan. Titiyakin nila laluna na ni pag-aasawa ng isang dayuhan o ni pagbabago ng kabansaan ng asawang lalaki habang mag-asawa ay hindi automatikong magpa-iiba ng kabansaan ng asawang babae, magpawawalang estado sa kanya o magpipilit sa kanya ng kabansaan ng kanyang asawa.

2. Ang mga Estadong Panig ay magkakaloob sa kababaihan ng mga karapatang pantay sa kalalakihan ukol sa kabansaan ng kanilang mga anak.

IKATLONG BAHAGI

Ika-10 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan upang matiyak sa kanila ang mga karapatang pantay sa kalalakihan sa larangan ng pag-aaral at lalo na upang matiyak, sa batayang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan:

(a) Ang magkatulad na mga kondisyon sa karera at bokasyonal na pamamatnubay, pagkakataon sa pag-aaral at sa pagkakamit ng mga diploma sa lahat ng mga kategorya ng institusyong pang-edukasyon sa kanayunan at maging sa kalunsuran; ang pagkakapantay-pantay na ito ay titiyakin sa edukasyon pre-school, pangkalahatan, teknikal, propesyonal at higit sa mataas na antas na teknikal, gayundin sa lahat ng uri ng bokasyonal na pagsasanay;

(b) Ang pagkakataon sa magkatulad na kurikulum, magkatulad na pagsusulit, mga gurong may kakayahan ayon sa parehong pamantayan at mga paaralan at kapaligiran ng mga ito at kagamitang may parehong uri;

(c) Ang pag-aalis ng anumang nakaugaliang kuro-kuro ukol sa mga tungkulin ng kalalakihan at kababaihan sa lahat ng mga antas at sa lahat ng mga anyo ng pag-aaral sa pamamagitan ng magkasamang pag-aaral ng lalaki at babae at iba pang uri ng pag-aaral na makatutulong makamit ang layuning ito at, lalo na, sa pamamagitan ng pagrerebisa ng mga aklat-aralin at mga programang pampaaralan at ang pag-aangkop ng mga paraan ng pagtuturo;

(d) Ang magkatulad na pagkakataong makinabang ng mga iskolarsip at iba pang kaloob sa pag-aaral;

(e) Ang magkatulad na pagkakataong gumamit ng mga programang patuloy na pag-aaral, kabilang na ang program para sa may edad at di-marunong bumasa at sumulat, lalung-lalo na iyong may hangaring paliitin sa lalong madaling panahon, ang anumang agwat sa edukasyon na namamagitan sa kalalakihan at kababaihan;

(f) Ang pagpapababa ng bilang ng mga babaeng mag-aaral na humihinto ng pag-aaral at ang pagbubuo ng mga program para sa mga batang babae at kababaihang huminto ng pag-aaral nang wala sa panahon;

(g) Ang magkatulad na pagkakataong makilahok nang masigasig sa edukasyong pampalakasan at pangkatawan;

(h) Ang paggamit ng tiyak na kaalamang pang-edukasyon upang matiyak ang kalusugan at mabuting kalagayan ng mga pamilya, kabilang na ang kaalaman at payo ukol sa pagpaplano ng pamilya.

Ika-11 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan sa larangan ng paghahanapbuhay upang matiyak, sa batayang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, ang magkatulad na mga karapatan, lalung-lalo na:

(a) Ang karapatan ng paggawa bilang isang di-maikakait na karapatan ng lahat na mga taong nilalang;

(b) Ang karapatan na magkatulad na pagkakataon sa paghahanapbuhay, kabilang na ang paggamit ng magkatulad na pamantayan sa pagpili ng mapapasok sa trabaho;

(c) Ang karapatang pumili nang Malaya ng propesyon at hanapbuhay, ang karapatang tumanggap ng bokasyonal na pagsasanay at muling pagsasanay,kabilang na ang pag-aaprendis, matass na bokasyonal na pagsasanay at paulit-ulit na pagsasanay;

(d) Ang karapatan sa pantay na kabayaran, kabilang na ang mga pakinabang, at sa pantay na pagtatrato ukol sa pantay na paggawa, maging sa pagkakapantay-pantay ng pagpapalagay sa pagpapahalaga ng uri ng paggawa;

(e) Ang karapatan sa kaseguruhang panlipunan, lalung-lalo na sa mga sandali ng pagreretiro, pagkakasakit, pagkabaldado at katandaan at iba pang pagkawalang-kaya sa trabaho, maging ang karapatan sa mga may bayad na bakasyon;

(f) Ang karapatan sa pangangalaga ng kalusugan at sa kaligtasan sa mga kalagayan sa paggawa, kabilang na ang pangangalaga ng tungkuling pag-aanak.

2. Para maiwasan ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan batay sa pag-aasawa o pag-iina at upang matiyak ang mabisa nilang karapatan sa paggawa, ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng mga angkop na kaparaanan:

(a) Upang ipagbawal, batay sa pagpapataw ng mga parusa, ang pagpapaalis dahilan sa panganganak o bakasyon dahil sa panganganak at pagtatangi-tangi sa mga pagpapaalis batay sa katayuan sa pag-aasawa;

(b) Upang panimulang gamitin ang may bayad na bakasyon ukol sa panganganak o may maitulad na panlipunang pakinabang nang hindi mawawala ang dating hanapbuhay, katandaan sa ranggo o panggugol na panlipunan;

(c) Upang pasiglahin ang paglalaan ng mga kailangan at nakatutulong na paglilingkod na panlipunan, sa ikapagsasama ng mga magulang ng mga tungkuling pampamlya, mga pananagutan sa trabaho at pakikilahok sa buhay pangmadla, lalung-lalo na, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagtatatag at pagpapaunlad ng mga kagamitan apara sa pagkalinga ng mga bata;

(d) Upang maglaan ng tanging pangangalaga sa kababaihan sa panahon ng pagdadalang-tao sa mga uri ng trabahong napatunayang nakapipinsala sa kanila.

3. Ang mga batas na nangangalaga na may kaugnayan sa mga bagay na nasasaklaw sa artikulong ito ay rerepasuhin tuwing panahon batay sa kaalamang siyentipiko at tekniko, ipawawalang-bisa o patatagalin kung kinakailangan.

Ika-12 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na pamamaraan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan sa larangan ng pangangalaga ng kalusugan upang matiyak, sa batayang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, ang paggamit ng mga paglilingkod na pangkalusugan, kabilang na ang may kinalaman sa pagpaplano ng pamilya.

2. Sa kabila ng mga probisyon ng unang parapo ng artikulong ito, titiyakin ng mga Estadong Panig sa kababaihan ang angkop na paglilingkod ukol sa kanilang

pagdadalang-tao, pagkaka-ospital at pangangalaga pagkatapos manganak, ng libreng paglilingkod kung kinakailangan, gayundin ang hustong nutrisyon sa panahon ng pagdadalang-tao at pagpapasuso.

Ika-13 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan sa iba pang larangan ng buhay pangkabuhayan at panlipunan upang matiyak, sa batayang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, ang magkatulad na mga karapatan, lalung-lalo na:

1. Ang karapatan sa mga pakinabang na pampamilya;

2. Ang karapatan sa pangungutang sa bangko, pagsasangla at iba pang anyo ng kreditong nauukol sa pananalapi;

3. Ang karapatang makilahok sa mga gawaing panlibangan, mga laro at sa lahat ng aspeto ng buhay pangkalinangan.

Ika-14 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay isasaalang-alang ang mga suliranin ng kababaihan sa kanayunan at ang mga makabuluhang tungkulin nila sa pangkabuhayang kaligtasan ng kanilang mga pamilya, kabilang na ang kanilang Gawain sa mga sector ng lipunan na hindi gumagamit ng pera at magsasagawa ng lahat ng mga angkop na pamamaraan upang matiyak ang pagbibigay-bisa ng Kombensiyong ito para sa kababaihan sa kanayunan.

2. Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na pamamaraan upang maalis ang pagtatangi-tangi laban sa kababaihan sa kanayunan upang matiyak, sa batayang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, na makalalahok sila sa at makikinabang sa pag-unlad ng kanayunan at, lalo na, ay titiyakin para sa kababaihan ang karapatang:

(a) Makilahok sa pagpapabuti at pagpapatupad ng pagplano ukol sa pag-unlad sa lahat ng antas;

(b) Gumamit ng hustong mga kagamitan para sa pangangalaga ng kalusugan, kasama na ang impormasyon, pagpapayo at paglilingkod ukol sa pagpaplano ng pamilya;

(c) Tuwirang makinabang sa mga programa ng kaseguruhang panlipunan;

(d) Makamit ang lahat ng uri ng pagsasanay a edukasyon, pormal at di-pormal, kasama na ang mgay kaugnayan sa pagiging marunong bumasa at sumulat, pati na ang pakinabang ng lahat na dagdag ng paglilingkod pangtaong-bayan, kasama ng iba pa (inter alia), maitaas ang kanilang kasanayang teknikal;

(e) Magbuo ng mga grupong umaasa sa sarili at mga kooperatiba upang matamo ang pantay na paggamit ng mga pagkakataong pangkabuhayan sa pamamagitan ng pamamasukan o sariling paghahanapbuhay;

(f) Lumahok sa lahat ng gawaing pangtaong-bayan;

(g) Gumamit ng mga pautang na pang-agrikultura, mga kagamitan sa pagbebenta, angkop na teknolohiya at pantay-pantay na pagtrato sa reporma sa lupa lalung-lalo na sa mga plano ng paglipat sa bagong lugar;

(h) Magtamasa ng sapat na kalagayang pangkabuhayan, lalung-lalo na ang may kinalaman sa pabahay, kalinisan, elektrisidad at panustos ng tubig, transportasyon at pahatiran.

IKAAPAT NA BAHAGI

Ika-15 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay magbibigay sa kababaihan ng pagkakapantay-pantay sa kalalakihan sa harap ng batas.

2. Ang mga Estadong Panig ay magbibigay sa kababaihan, sa mga bagay na sibil, ng legal na kapasidad katulad ng sa kalalakihan at magkatulad na pagkakataong gamitin ang gayong kapasidad. Sila ay magbibigay sa kababaihan lalo na ng pantay-pantay na mga karapatan upang makipagkontrata at mangasiwa ng ari-arian at ituring sila nang pantay sa lahat ng baitang ng pamamaraan sa mga hukuman.

3. Ang mga Estadong Panig ay sumasang-ayon na ang lahat na kontrata at ang lahat na iba pang kagamitang pribado, anumang uri nito, na may epektong legal na naglalayong maghigpit sa legal na kapasidad ng kababaihan ay ituturing na walang bisa.

4. Ang mga Estadong Panig ay magbibigay sa kalalakihan at kababaihan ng magkatulad na mga karapatan ukol sa batas na may kaugnayan sa pagkilos ng mga tao at sa kalayaang pumili ng kanilang tirahan.

Ika-16 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay magsasagawa ng lahat ng mga angkop na kaparaanan upang maalis and pagtatanigh-tangi laban sa kababaihan sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pag-aasawa at mga relalsyong pampamilya, at lalo na ay titiyakin, batay sa pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan.

(a) Ang magkatulad na karapatang magpakasal;

(b) Ang magkatulad na karapatang pumili nang malayang asawa at magpakasal nang mayroong malaya at lubos na pagsang-ayon;

(c) Ang magkatulad na karapatan at pananagutan sa panahon ng pagiging mag-asawa at sa pag papawalang-bisa nito;

(d) Ang magkatulad na karapatan at pananagutan, nang walang pagsasaalang-alang sa kanilang katayuan sa pagkakasal, sa mga bagay na may kaugnayan sa kanilang mga anak. Sa lahat ng kaso, ang mga interes ng mga anak ay mangingibabaw;

(e) Ang magkatulad na karapatang magpasiya nang malaya at may pananagutan ukol sa bilang at agwat ng kanilang mga anak at gumamit ng impormasyon, pag-aaral at paraang makapapagamit sa kanila ng ganitong mga karapatan;

(f) Ang magkatulad na karapatan at pananagutan sa pag-aalaga at pag-ampon at pagiging responsible sa kagalingan ng mga bata o sa mga kahalintulad na

institusyon kung saan may ganitong konsepto sa pambansang batas. Sa lahat ng kaso, ang kapakanan ng mga bata ang siyang mangingibabaw;

(g) Ang magkatulad na mga karapatang pansarili bilang mag-asawa, kasama na ang karapatang pumili ng apelyido, propesyon at hanapbuhay;

(h) Ang parehong mga karapatan ng kapwa mag-asawa sa pag-aari, pagkakamit, pagpapalakad, pangangasiwa, pagtatamasa at pamamahagi ng ari-arian, maging ito ay walang bayad o mayroon.

2. Ang kasunduan ukol sa pagpapakasal at ang pagkakasal ng isang bata ay hindi magkakaroon ng epektong legal, at kailangang gawin ang lahat, kasama na ang pagbabatas upang tukuyin ang pinakamababang gulang ng pag-aasawa at upang gawing sapilitan ang pagtatala ng mga kasal sa isang opisyal na palistahan.

IKALIMANG BAHAGI

Ika-17 Artikulo

1. Para sa layuning pag-aralan ang natamong pagsulong sa pagpapatupad ng kasalukuyang Kombensiyon, may ibubuong isang Komite para sa Pag-aalis ng Pagtatangi-tangi laban sa Kababaihan (na mula rito ay tatawaging “Komite”) na bubuuin, sa pasimula ng pagkabisa ng Kombensiyon, ng 18 at, pagkatapos ng pagpapatibay sa Kombensiyon ng ikatatlumpu’t limang Estadong Panig, ng 23 dalubhasang may mataas na katayuang moral at may kakayahan sa larangang nasasaklaw ng Kombensiyon. Ang mga dalubhasa ay ihahalal ng mga Estadong Panig mula sa kani-kanilang mga mamamayan at manunungkulan sa sarili nilang kakayahan, isasaalang-alang ang karapatang paghahati ng kasapian batay sa heograpiya at iba’t ibang uri ng sibilisasyon, gayundin ng pagkakaroon ng mga pangunahing legal na sistema.

2. Ang mga kasapi ng Komite ay ihahalal sa pamamagitan ng lihim na balota mula sa listahan ng mga taong iminungkahi ng mga Estadong Panig. Ang bawat Estadong Panig ay maaaring magmungkahi ng isang tao mula sa kanyang bansa.

3. Ang unang halalan ay idadaos anim na buwan makaraan ng petsa ng pagkabisa ng kasalukuyang Kombensiyon. Kahit tatlong buwan bago dumating ang petsa ng bawat halalan, ang Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa ay susulat sa mga Estadong Panig upang humiling sa kanilal na magpasok ng mga pangalan sa loob ng dalawang buwan. Maghahanda ang Kalihim-Pangkalahatan ng isang talaan sa kaayusang alpabetiko ng mga taong ang mga pangalan ay naipasok na may indikasyon ng mga Estadong Panig na nagpasok sa kanila, at ihaharap ito sa mga Estadong Panig.

4. Ang mga halalan ng mga kasapi ng Komite ay idadaos sa isang pulong ng mga Estadong Panig na tinawag ng Kalihim-Pangkalahatan sa punong tanggapan ng Nagkakaisang mga Bansa. Sa pulong na iyon, na kung saan dalawang ikatlo ng mga Estadong Panig ay siyang bubuo ng isang korum, ang mga taong nahalal sa Komite ay yaong mga naipasok na kandidato na nakakuha ng pinakamaraming bilang ng boto at ng ganap na nakararami sa mga boto ng mga kinatawan ng mga Estadong Panig na dumalo at humalal.

5. Ang mga kasapi ng Komite ay mahahalal para sa apat na taong taning ng panunungkulan. Gayunpaman, ang taning ng panunungkulan ng siyam na kasaping nahalal sa unang halalan ay matatapos sa katapusan ng dalawang taon, kaagad

pagkatapos ng unang halalan, ang mga pangalan ng siyam na nakasaping ito ay pipiliin sa pamamagitan ng palabunutan ng Tagapangulo ng Komite.

6. Ang paghalal sa limang karagdagang kasapi ng Komite ay idadaos alinsunod sa mga probisyon ng ika-2, 3 at 4 parapo ng artikulong ito, pagkatapos ng ikatatlumpu't limang pagpapatibay at pagdaragday. Ang taning ng panunungkulan ng dalawa sa mga bagong kasaping inihalal sa ganitong pagkakataon ay matatapos sa katapusan ng dalawang taon, at ang mga pangalan nila ay pipiliin sa pamamagitan ng palabunutan ng Tagapangulo ng Komite.

7. Para sa pagpupuno ng di-inaasahang bakante, ang Estadong Panig na kung kaninong dalubhasa ay hindi na isinasagawa ang kanyang tungkulin bilang isang kasapi ng Komite ay maghihirang ng isang kapalit na dalubhasa mula sa kanilang mga mamamayan, sa ilalim ng pagsang-ayon ng Komite.

8. Ang mga kasapi ng Komite, nang may pagsang-ayon ang Pangkalahatang Asembleya ng Nagkakaisang mga Bansa, ay tatanggap ng kabayaran mula sa Nagkakaisang mga Bansa batay sa mga hanggahan at kalagayang maaaring pagpasiyahan ng Pangkalahatang Asembleya, na isinasaalang-alang ang kahalagahan ng mga pananagutan ng Komite.

9. Ang Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa ay magbibigay ng kinakailangang tauhan at kagamitan para sa mabisang pagsasagawa ng mga tungkulin ng Komite sa ilalim ng kasalukuyang Kombensiyon.

Ika-18 Artikulo

1. Ang mga Estadong Panig ay nangangakong magbibigay sila sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa, upang maisaalang-alang ng Komite, ng mga ulat ukol sa mga hakbang na lehislatibo, panghukuman, administratibo o anupamang hakbang na ginawa nila na nagbibigay-bisa sa mga probisyon ng kasalukuyang Kombensiyon at sa pagsulong na natamo rito:

(a) Sa loob ng isang taon ng pagkakabisa para sa may kinalamang Estado;

(b) Pagkatapos noon, kahit bawat apat na taon at kailan pa ma't hinihiling ng Komite.

2. Ang mga ulat ay maaaring magpahiwatig ng mga salik at nagiging sagabal na nakakaapekto sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin sa ilalim ng kasalukuyang Kombensiyon.

Ika-19 Artikulo

1. Ang komite ay magbubuo ng sarili nitong mga alituntunin.

2. Ang komite ay maghahalal ng mga pinuno nito para sa taning na dalawang taon.

Ika-20 Artikulo

1. Ang komite ay magpupulong nang pangkaraniwan sa panahong hindi hihigit sa dalawang linggo bawat taon upang mapag-aralan ang mga ulat na iniharap sa kanila alinsunod sa Artikulo 18 ng kasalukuyang Kombensiyon.

2. Ang pagpupulong ay pangkaraniwang idadaos sa punong tanggapan ng Nagkakaisang mga Bansa o sa iba pang maluwag na lugar na napagkasunduan ng Komite.

Ika-21 Artikulo

1. Ang Komite, sa pamamagitan ng Lupon ukol sa Kabuhayan at Lipunan, ay magbibigay sa Pangkalahatang Asembleya ng isang pang isang taong ulat ukol sa mga gawain nito at maaaring gumawa ng mga suhestiyon at pangkalahatang rekomendasyon batay sa pagsusuri sa mga ulat at mga impormasyong tinanggap mula sa mga Estadong Panig. Ang yaong mga suhestiyon at pangkalahatang rekomendasyon ay isasama sa ulat ng Komite, kasama na rin ang mga puna kung mayroon mula sa mga Estadong Panig.

2. Ang Kalihim0Pangkalahatan ay magpapaabot ng mga ulat sa Komisyon ukol sa Kalagayan ng Kababaihan para sa kaalaman nito.

Ika-22 Artikulo

Ang mga tanging ahensiya ay may karapatang magkaroon ng kinatawan kung isinasaalang-alang ang pagsasakatuparan ng mga probisyon ng kasalukuyang Kombensiyon na maaaring mahulog sa saklaw ng kanilang mga gawain. Ang Komite ay maaaring mag-anyaya sa mga tanging ahensiya na magharap ng mga ulat ukol sa pagpapatupad ng Kombensiyon sa mga larangang nahuhulog sa saklawa ng kanilang mga gawain.

IKA ANIM NA BAHAGI

Ika-23 Artikulo

Wala sa kasalukuyang Kombensiyon ang makaaapekto sa anumang probisyong lalong makapagpapabilis ng pagtatamo ng pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan na maaaring nilalalman:

(a) sa mga batas ng isang Estadong Panig; o

(b) sa alinmang pandaigdig na kombensiyon o kasunduang may bisa para sa Estadong iyon.

Ika-24 Artikulo

Ang mga Estadong Panig ay nangangakong magpapatibay ng lahat na kinakailangang pamamaraan sa pambansang antas na may layuning makamit ang lubos na pagsasakatuparan ng mga karapatang kinikilala sa kasalukuyang Kombensiyon.

Ika-25 Artikulo

1. Ang kasalukuyang Kombensiyon ay magiging bukas para lagdaan ng lahat ng Estado.

2. Ang Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa ay inaatasan bilang lagakan ng kasalukuyang Kombensiyon.

3. Ang kasalukuyang Kombensiyon ay sasailalim sa isang pagtitibay. Ang mga kagamitan sa pagpapatibay ay ilalagak sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa.

4. Ang kasalukuyang Kombensiyon ay magiging bukas para sa idaragdag ng lahat ng Estado. Ang pagdaragdag ay magkakabisa sa pamamagitan ng paglalagak ng isang kagamitan ng pagdaragdag sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa.

Ika-26 Artikulo

1. Ang mungkahi para sa pagbabago ng kasalukuyang Kombensiyon ay maaaring iharap sa anumang panahon ng alinmang Estadong Panig sa pamamagitan ng nakasulat na patalastas sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa.

2. Ang Pangkalahatang Asembleya ng Nagkakaisang Bansa ay magpapasiya sa mga hakbang, kung mayroon, na gagawin ukol sa gayong mungkahi.

Ika-27 Artikulo

1. Ang kasalukuyang Kombensiyon ay magkakabisa sa ikatatlumpung araw pagkatapos ng araw ng paglalagak sa Kalihim-Pakalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa ng ikadalawampung kagamitan ng pagdaragdag.

2. Para sa bawat Estadong magpapatibay sa kasalukuyang Kombensiyon o magdaragdag dito pagkatapos ng paglagak ng ikadalawampung kagamitan ng pagpapatibay o pagdaragdag, ang Kombensiyon ay magkakabisa sa ikatatlumpung araw pagkatapos ng araw ng paglalagak ng sariling kagamitan ng pagpapatibay o pagdaragdag.

Ika-28 Artikulo

1. Ang Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang Bansa ay tatanggap at magkakalatsa lahat ng mga Estado ng teksto ng mga pasubaling ginawa ng mga Estado sa panahon ng pagpapatibay o pagdaragdag.

2. ang pasubaling di katugma ng layunin at pakay ng kasalukuyang Kombensiyon ay hindi pahihintulutan.

3. Maaaring iurong ang mga pasubali anumang oras sa pamamagitan pagpapatalastas sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa na siyang magbibigay-alam sa mga Estadong Panig tungkol doon. Ang gayong pagpapatalastas ay magkakabisa sa araw ng pagkakatanggap niyon.

Ika-29 Artikulo

1. Anumang hidwaan ng dalawa o higit pang Estadong Panig ukol sa pakahulugan o pagsasagawa ng kasalukuyang Kombensiyon na hindi nalutas sa pamamagitan ng negosasyon ay ihaharap sa arbitrasyon. Kung sa loob ng anim na buwan mula sa pagkakasampa ng kahilingan para sa arbitrasyon ay hindi pa rin magkasundo ang mga panig sa pagtatalaga ng arbitrasyon ay maaaring dalhin ang hidwaan sa Pandaigdig na Hukuman ng Katarungan sa pamamagitan ng kahilingan alinsunod sa Batas ng Hukuman.

2. Ang bawat Estadong Panig, sa panahon ng paglalagda o pagpapatibay ng Kombensiyong ito, ay maaaring magpahayag na hindi nito ipinalalagay na nakatali ito sa isinasaad ng parapo uno ng artikulong ito. Ang ibang Estadong Panig ay hindi matatali sa unang talata kaugnay ng alinmang Estadong Panig na gumawa ng gayong pasubali.

3. Alinmang Estadong Panig na gumawa ng pasubali alinsunod sa ika-2 talata ng artikulong ito ay maaaring magwagi ng pasubaling ito sa pamamagitan ng pagpapatalastas sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa.

Ika-30 Artikulo

Ang kasalukuyang Kombensiyon, na ang mga tekstong Arabiko, Intsik, Ingles, Pranses, Ruso at Kastila, ay pawang tunay, ay ilalagak sa Kalihim-Pangkalahatan ng Nagkakaisang mga Bansa.

BILANG PATUNAY DITO, ang may lagda, na binigyan ng kapangyarihan, ay lumagda sa kasalukuyang Kombensiyon.